Strengthened Senior High School

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Gawaing Pampagkatuto sa Pag-aaral ng Kasaysayan at Lipunang Pilipino

CORE SUBJECT

Gawaing Pampagkatuto sa Pag-aaral ng Kasaysayan at Lipunang Pilipino **Baitang 11 - Termino 1**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng **Strengthened Senior High School Curriculum**. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyales ang karapatang-aring iyon.

Bumuo sa Pagsusulat ng Banghay-Aralin

Manunulat:	Allan F. Del Rosario National Capital Region (NCR) Division of Manila
	Federico P. Oclarit Jr. Region VIII – Eastern Visayas Division of Southern Leyte
Tagasuri ng Nilalaman:	Dr. Alex B. Rejuso Region VIII
Konsultant:	Dr. Michael Charleston “Xiao” B. Chua
Learning Area Specialist:	John Cyrus L. Doblada Senior Education Program Specialist

Bureau of Learning Delivery
Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Resources

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa katanungan o puna, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

Sagutan ang form na ito **https://bit.ly/Feedback_LE_LAS_Core** kung mayroon kayong mungkahi o dagdag na tugon tungkol sa LE. Gawing malinaw, tiyak, at may karagdagang detalye upang maging gabay ng National Technical Working Group (NTWG) sa pagrerebisa at pagpapaunlad ng nasabing materyal.

Talaan ng Nilalaman

Gawaing Pampagkatuto 1: Kamalayang Pangkasaysayan
(Kahulugan at Depinisyon)..... **1**

Gawaing Pampagkatuto 2: Kamalayang Pangkasaysayan
(Palatandaan at Katuturan) **7**

Gawaing Pampagkatuto 3: Ugnayan ng Heograpiya at Kultura
sa kamalayang pangkasaysayan **11**

Gawaing Pampagkatuto 4: Natatanging Kultura at Kabuhayan
sa Ilaya at Ilawod **12**

Gawaing Pampagkatuto 5: Pagtatagpo ng Kalinangang Ilaya at Ilawud **15**

Gawaing Pampagkatuto 6: Pag-uugnay ng mga Kultura at Kamalayang
Pangkasaysayan sa Sariling Konteksto at Karanasan..... **18**

Gawaing Pampagkatuto 7: Kaugnayan ng Kultura sa
Kamalayang Pangkasaysayan **20**

Gawaing Pampagkatuto 8: Dimensyon ng Buhay at Dimensyon ng
Kabilang-Buhay; Katutubo at Tradisyunal na Pagpapagaling **27**

Gawaing Pampagkatuto 9: Kahulugan at Katuturan ng Personal at
Panlipunang paniniwala at pananampalataya at ang Ugnayan Nito
sa Kamalayang Pangkasaysayan **36**

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 1 (Unang Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kamalayang Pangkasaysayan (Kahulugan at Depinisyon)		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 1: Cause and Effect: "kaSAYSAYan" (Numerikal at Historikal na Pagsusuri)

I. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang nabibigyang kahulugan ang depinisyon ng kamalayang pangkasaysayan batay sa perspektibo ng mga piling historyador.

II. Kagamitang Kailangan: Strips of Kartolina/Manila Paper, Scotch tape, gunting, rubrics, TV Monitor, Projetor, Laptop/E-tablet (if available)

III. Panuto:

1. **Gawain at Integrasyon ng Numeracy:** Hahatiin ang klase sa 5 pangkat. Bukod sa pagtukoy ng sanhi at epekto, bawat pangkat ay gagawa ng **Timeline Analysis at Century Calculation**:
2. Ang paghahating ito ay nakabatay sa mga yugto ng kasaysayang Pilipino: Sinaunang Bayan, Bayan sa Ilalim ng Espanya, Amerika, Hapon, at Kontemporanyong Panahon.
3. *Gawain:* Kwentahin kung ilang siglo (*centuries*) at dekada ang lumipas mula sa partikular na pangyayari (hal. Deklarasyon ng Kalayaan noong 1898 sa Ika-19 na Siglo) hanggang sa kasalukuyang Ika-21 na Siglo. Ipakita ang kompyutasyon sa pisara (2026−1898=128 taon, katumbas ng 1 siglo at 2.8 dekada).
4. Ang bawat pangkat ay magbibigay ng naging epekto ng tatlong pangyayari na itinakda sa kanilang pangkat. Hihikayatin ang mga kasapi ng pangkat na magkaroon ng pagkakasundo sa kanilang magiging kasagutan. Magtakda ng 3-10 minuto sa gawain.

Pangkat 1: Sinaunang Bayan
Sanhi 1: Pakikipagkalakalan ng mga sinaunang Pilipino sa mga kalapit bansa sa Asya
Sanhi 2: Pagkakaroon ng pag-uuri ng tao sa Lipunan
Sanhi 3: Paglaganap ng Islam sa kapuluan

Pangkat 2: Bayan sa Ilalim ng Espanya
Sanhi 1: Pagpapatupad ng mga Patakarang Pangkabuhayan ng mga Espanyol
Sanhi 2: Pagkabigo ng mga Repormista
Sanhi 3: Pagpapahayag ng Kalayaan ng Pilipinas sa Kawit, Cavite

Pangkat 3: Bayan sa Ilalim ng Amerika
Sanhi 1: Digmaang Pilipino-Amerikano
Sanhi 2: Paglaganap ng Edukasyon sa Pilipinas
Sanhi 3: Pagtatag ng Pamahalaang Komonwelt

Pangkat 4: Bayan sa Ilalim ng Hapon
Sanhi 1: Pagbagsak ng Bataan at Corregidor
Sanhi 2: Pagtatag ng Puppet Republic
Sanhi 3: Pagkakasangkot ng Pilipinas sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig

Pangkat 5: Kontemporanyong Panahon
Sanhi 1: Pagpapatupad ng Batas Militar ni Pangulong Ferdinand Marcos
Sanhi 2: EDSA Revolution ng 1986
Sanhi 3: Pagkatig ng The Hague's Permanent Court of Arbitration sa usapin ng teritoryo sa West Philippine Sea (South China Sea) sa pagitan ng China at Pilipinas. Tawagin ang kinatawang mag-aaral ng bawat pangkat na magbahagi ng kanilang mga naging kasagutan. Iproseso ang gawain.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mahalagang naunawaan at naramdaman mo mula sa pagbabahagi ng bawat kinatawan ng pangkat? Ipaliwanag ang sagot.
2. Ano ang isinasalamin ng ating kasaysayan mula sa simula hanggang sa kasalukuyan? Ipaliwanag ang sagot.
3. Binibigyang pagpapahalaga pa rin ba ng kasalukuyang panahon ang mga nabanggit na pangyayari sa kasaysayan? Patunayan ang sagot.

Inklusibong Pamamaraan (Inclusivity Strategy): Upang matiyak ang pakikilahok ng mga marginalized at tahimik na mag-aaral, ipatutupad ng guro ang *"Think-Pair-Share"* bago ang talakayan sa grupo at gagamit ng "Equity Sticks" (patpat na may pangalan ng mag-aaral) upang mabigyan ng boses ang lahat, hindi lamang ang mga madalas magsalita.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 1 (Unang Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kamalayang Pangkasaysayan (Kahulugan at Depinisyon)		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 2: ***"Pangkatang Gawain" (Skit at Dula-dulaan)***

I. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang nakapag-iisa-isa ng mga layunin, katangian, at palatandaan ng pagkakaroon ng kamalayang pangkasaysayan ng isang tao gamit ang mga impormasyon.

II. Kagamitang Kailangan: Visual materials batay sa piniling gawain ng grupo, kartolina/Manila paper, scotch tape, gunting, rubrics, laptop/e-tablet (if available)

III. Panuto:

1. Itatakda ng guro ang paksa na tatalakayin ng mga mag-aaral bago, ang aktuwal na klase. Ito ay upang makapaghanda ang bawat pangkat sa kanilang presentasyon.
2. Magpapasya ang pangkat ng estratehiya na kanilang gagamitin batay sa paksa na naitalaga sa kanila at kakayahan ng mga kasapi.
3. Mga mungkahing gawain: Panel Discussion, Debate, Open Forum, Skit, Dramatization, interview at iba pa.
4. Bibigyan ng pagkakataon ang bawat pangkat na maipresenta ang kanilang ginawang gawain.
5. Mamarkahan ng guro at klase ang pag-uulat na ginawa gamit ang rubrics.
6. Ipoproseso ng guro ang gawain.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mga mahalagang karanasan ng inyong pangkat bago at matapos ang gawain? Ipaliwanag ito.
2. Ano ang kalakasan at kahinaan ng bawat pangkat batay sa kanilang presentasyon?
3. Aling bahagi ng paksa na kanilang tinalakay ang nais mong bigyan ng karagdagang kaalaman? Paglilinaw? Katanungan?
4. Masasabi mo ba sa iyong sarili na tinataglay mo ang pagkakaroon ng kamalayang pangkasaysayan? Patunayan ang sagot.

Inclusivity Strategy: Sa paghahati ng tungkulin sa skit, tiyaking ang mga quiet learners ay maaaring pumili ng mga gampaning komportable sa kanila gaya ng scriptwriting, props management, o mga non-speaking ngunit kritikal na karakter, upang walang mag-aaral ang ma-isolate.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 1 (Unang Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kamalayang Pangkasaysayan (Kahulugan at Depinisyon)		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 3: BATTLE OF THE BRAIN: "Historikal na Debate"

I. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang naipaliliwanag ang katuturan ng pagkakaroon ng kamalayang pangkasaysayan tungo sa pambansang pagkakakilanlan gamit ang mga impormasyon.

II. Kagamitang Kailangan: Visual materials batay sa piniling gawain ng grupo, kartolina/Manila paper, scotch tape, gunting, rubrics, TV Monitor, Projector, laptop/e-tablet (if available)

III. Panuto:

1. Hahatiin ng guro ang klase sa dalawang pangkat. Ang mga mag-aaral ay mayroong Kalayaan na pumili ng pangkat o posisyon na kanilang nais idipensa gamit ang kanilang malilikom na mga ebidensiya sa pamamagitan ng pagsasaliksik.
2. Magsasaliksik ang bawat pangkat para patatagin ang kanilang depensa sa gagawing debate. Ang pagsasaliksik ay maaaring naganap na bago pa ang aktuwal na araw ng debate. Maaari rin na gamitin nila ang kanilang cellphones katuwang ang internet para makapagsaliksik pa ng datos kahit sa mismong araw ng debate.
3. Isasagawa sa klase ang debate. Maaaring mag-anyaya ng panauhin na may sapat na kakayahan sa gawain upang tukuyin kung alin sa 2 pangkat ang naging mabisa ang depensa sa debate ayon sa tinakdang aliuntunin.
4. Ipoproseso ng guro ang gawain.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mga mahahalagang karanasan ng inyong pangkat bago at matapos ang gawain? Ipaliwanag ito.
2. Ano ang kalakasan at kahinaan ng bawat pangkat batay sa kanilang presentasyon?
3. Aling bahagi ng paksa na kanilang tinalakay ang nais mong bigyan ng karagdagang kaalaman? Paglilinaw? Katanungan?
4. Masasabi mo ba sa iyong sarili na tinataglay mo ang pagkakaroon ng kamalayang pangkasaysayan? Patunayan ang sagot.

CRITICAL REQUIREMENT (Evidence-Based Response): Mahigpit na ipatutupad ng guro na ang bawat argumento sa debate ay dapat suportado ng **historikal na ebidensiya** (hal. pagbanggit sa mga pangunahing sanggunian, dokumentadong batas, o akda nina Agoncillo o Salazar). Ang mga pahayag na nakabatay lamang sa personal na opinyon nang walang patunay ay babawasan ng puntos batay sa rubrik.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 1 (Unang Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kamalayang Pangkasaysayan (Kahulugan at Depinisyon)		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 4: Advocacy Campaign: "PINOY AKO, PINOY TAYO"

I. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang naipaliliwanag ang katuturan ng pagkakaroon ng kamalayang pangkasaysayan tungo sa pambansang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng ibat' ibang advocacy campaign.

II. Kagamitang Kailangan: Visual materials batay sa piniling gawain ng grupo, kartolina/Manila paper, scotch tape, gunting, rubrics, laptop/e-tablet (if available)

III. Panuto: Upang mapatibay ang gawaing ito, isasama rito ang isang **Historikal na Panayam (Interview Activity)** bilang batayan ng adbokasiya:

IV. Mga Alituntunin at Protokol sa Panayam:

1. ***Laki ng Pangkat****:* Binubuo ng 5-6 na miyembro ang bawat pangkat.
2. ***Lokal na Kontextualisasyon*** *(Contextualization & Alternative Task):* Para sa mga mag-aaral o paaralang walang access sa mga kilalang historikal na selyo, monumento, o museo, ang panayam ay itutuon sa mga lokal na "buhay na monumento" sa komunidad—gaya ng mga nakatatanda sa barangay (*elders*), mga lokal na artisano, o mga beteranong manggagawa upang alamin ang kasaysayan ng kanilang lokal na komunidad o tradisyon.
3. ***Protokol sa Kaligtasan at Pahintulot (Safety & Consent):*** Bago isagawa ang panayam, obligasyon ng pangkat na papirmahin ng *Informed Consent Form* ang kakapanayamin. Bawal lumabas ng paaralan nang walang kasamang magulang o nakasulat na permit mula sa prinsipal kung ito ay gagawin sa labas ng oras ng klase.
4. ***Timeline:*** Ang pangangalap ng datos ay may itinakdang 3 araw bago ang Day 4, at ang paglalahad ng output sa klase ay may **limitasyon sa oras na 5-7 minuto** sa bawat pangkat upang matiyak ang episyenteng pamamahala sa oras.
5. Pipili ang bawat pangkat ng pamamaraang naaayon sa kanilang kagustuhan at kakayahan. Mungkahing gawain: Paggawa ng: Poster, Music Video, Spoken Poetry at iba pa.
6. Mamarkahan ng guro at ng mag-aaral ang mga natapos na gawain gamit ang rubrics. Maaari ring mag-anyaya ng mga panauhin na may sapat na kakayahan sa pagbibigay ng pagmamarka sa mga nagawang output.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mga mahahalagang karanasan ng inyong pangkat bago at matapos ang gawain? Ipaliwanag ito.
2. Ano ang kalakasan at kahinaan ng bawat pangkat batay sa kanilang presentasyon?
3. Aling bahagi ng paksa na kanilang tinalakay ang nais mong bigyan ng karagdagang kaalaman? Paglilinaw? Katanungan?
4. Bakit mahalaga sa mga mamamayan ng isang bansa ang pagkakaroon ng kamalayang pangkasaysayan?

Offline Alternative: Ang mga pangkat na walang access sa mga digital tools para sa paggawa ng video o digital poster ay gagawa ng isang pisikal na Advocacy Display Board gamit ang mga recycled na karton, manila paper, at mga sulat-kamay na artikulo at guhit.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 2 (Ikalawang Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kamalayang Pangkasaysayan (Palatandaan at Katuturan)		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 1: Creative Writing: "#kamalayangpangkasaysayan"

I. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang nakalalahok sa iba't ibang gawain sa klase ng buong kawilihan; atnakapagpapahayag ng saloobin at opinyon ng buong kalayaan

II. Kagamitang Kailangan: Notebook, ballpen, papel, scotch tape, gunting, rubrics, at laptop/e-tablet (if available)

III. Panuto: Sasabihin ng guro sa mga mag-aaral na sumulat ng tatlong hashtags na nagsasaad ng pagnanais na mapahalahagahan ang pagpapanatili at pagpapatatag ng kamalayang pangkasaysayan sa bawat mamamayan Pilipino.

Mga halimbawa:

#maySAYSAYangLAHIko. #proudPINOY #iloveourSTORY

1. Isulat ang tatlong pangungusap na nagpapaliwanag ng napiling hashtag.
2. Ibahagi sa klase ang napiling hashtag at ipaliwanag kung ano ang ibig sabihin nito.
3. Mamarkahan ang gawa ng mga mag-aaral gamit ang rubrics

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 2 (Ikalawang Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kamalayang Pangkasaysayan (Palatandaan at Katuturan)		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 2: *"MAPPING THE MIND"*

I. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang nakalalahok sa iba't ibang gawain sa klase ng buong kawilihan; at nakapagpapahayag ng saloobin at opinyon ng buong kalayaan

II. Kagamitang Kailangan: Notebook, ballpen, papel, scotch tape, gunting, rubrics, TV Monitor, Projector at laptop/e-tablet (if available)

III. Panuto:

1. Ang klase ay papangkatin sa tatlo. Aatasan ang bawat pangkat na umisip ng nais nilang graphic organizer na maaari nilang gamitin para sa mga sumusunod na kadahilanan: mabigyang kahulugan ang salitang kamalayang pangkasaysayan ; mga posibleng paksa na kaugnay sa pag-aaral ng kamalayang pangkasaysayan ; mga katanungan na nais mabigyang kasagutan sa pagtalakay ng paksang kamalayang pangkasaysayan.
2. Mga maaaring gamiting graphic organizer: Vocabulary word map, Frayer model, at iba pa.
3. Maglaan ng 3-5 minuto para sa gawain. Atasan ang kinatawan ng pangkat na maibahagi sa klase ang kanilang mga nagawa.
4. Iproseso ang gawain. Gamitin ang mga pamaprosesong tanong anumang uri ng graphic organizer ang Napili ng mga mag-aaral sa bawat pangkat.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang karanasan ng inyong pangkat sa pagsisimula at pagtatapos ng gawain?
2. Ano ang iyong mahalagang natutuhan mula sa gawain?
3. Ano ang mabubuo nating depinisyon ng salitang kamalayang pangkasaysayan mula sa presentasyon ng tatlong pangkat?
4. Ano-ano ang mga nais mo pang malaman sa mga darating na araw sa pagtalakay natin ng paksang kamalayang pangkasaysayan na hindi nabanggit ng mga pangkat na nag-ulat?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 2 (Ikalawang Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kamalayang Pangkasaysayan (Palatandaan at Katuturan)		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 3: *"GALLERY OF IDEAS: PALATANDAAN AT KATUTURAN"*

I. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang nakalalahok sa iba't ibang gawain sa klase ng buong kawilihan; at nakapagpapahayag ng saloobin at opinyon ng buong kalayaan, at maipaliwanang ang **katuturan, aspeto, at palatandaan** ng kamalayang pangkasaysayan sa pamamagitan ng halimbawa at diskusyon.

II. Kagamitang Kailangan: Notebook, ballpen, papel, scotch tape, gunting, rubrics, TV Monitor, Projector at laptop/e-tablet (if available).

III. Panuto:

1. Maglalagay ang guro ng mga **station cards** sa iba't ibang bahagi ng silid.
2. Bawat station ay may konsepto:
    - Station 1: Kahulugan ng Kamalayang Pangkasaysayan
    - Station 2: Palatandaan
    - Station 3: Katuturan
    - Station 4: Aspeto at Paliwanag
3. Iikot ang mga mag-aaral sa bawat station (Gallery Walk).
4. Sa bawat station, sasagutin nila ang tanong sa sticky note:
    - Ano ang alam mo tungkol dito?
    - Magbigay ng halimbawa.
    - Bakit ito mahalaga?
5. Ididikit ang kanilang sagot sa bawat station.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang bagong konseptong natutuhan mo sa bawat istasyon?
2. Paano nagkakaiba ang palatandaan at katuturan?
3. Paano ito nakatutulong sa paghubog ng isang makabayang Pilipino?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 2 (Ikalawang Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kamalayang Pangkasaysayan (Palatandaan at Katuturan)		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 4: ***"HISTORY IN ACTION: COMMUNITY CONNECTION TASK"***

I. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang nakalalahok sa iba't ibang gawain sa klase ng buong kawilihan; at nakapagpapahayag ng saloobin at opinyon ng buong kalayaan, at maipaliwanang ang **katuturan, aspeto, at palatandaan** ng kamalayang pangkasaysayan sa pamamagitan ng halimbawa at diskusyon.

II. Kagamitang Kailangan: Notebook, ballpen, papel, scotch tape, gunting, rubrics, TV Monitor, Projector at laptop/e-tablet (if available).

III. Panuto:

1. Magtatalaga ang guro ng gawain bilang **take-home or within-school task**.
2. Pumili ang mag-aaral ng isang halimbawa sa kanilang paligid kung saan makikita ang kamalayang pangkasaysayan.
3. Maaari silang:
    - Kumuha ng larawan (kung maaari),
    - o Magsulat ng maikling ulat.
4. Iuulat ito sa klase kinabukasan.

Halimbawa ng Output

- Pagbisita sa monumento o heritage site sa barangay.
- Pagdalo sa Araw ng Kalayaan o lokal na pagdiriwang.
- Pagkakaroon ng usapan sa magulang tungkol sa kasaysayan ng kanilang lugar.

Pamprosesong mga Tanong:

1. Ano ang iyong napansin sa iyong komunidad na may kaugnayan sa kasaysayan?
2. Paano ito nagpapakita ng kamalayang pangkasaysayan?
3. Ano ang kahalagahan nito sa pambansang pagkakakilanlan?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 3 (Ikatlong Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Ugnayan ng Heograpiya at Kultura sa kamalayang pangkasaysayan		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 1: **"Isulat Mo, Katangian at Kabuhayan Ko"**

I. Layunin: Natatalakay ang ugnayan ng heograpiya at kultura sa kamalayang pangkasaysayan

II. Kagamitan: Bond paper o sagutang papel, Panulat

III. Panuto:

1. Magtatanong ang guro sa mga mag-aaral kung sila ay handa na sa gagawin nila ngayon. Sa mga nakahandang printed talahanayan ay maglalagay ang mga mag-aaral ng mga datos ayon sa hinihingi.
2. Maglalagay sila sa talahanayan ng mga datos na naaangkop.
3. Pagkatapos, na malagyan ng mga datos ay sasagutan nila ang mga pamprosesong tanong.

Lugar	Katangian ng Lugar	Kabuhayan
Banaue		
Cebu		
General Santos		

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga katangian ng lugar?

2. Paano nag-uugnay ang mga katangian ng lugar sa kabuhayan nito?

3. Paano nakakaimpluwensya ang katangian ng lugar sa kabuhayan na mayroon dito?

Repleksyon: Pagsusuri sa iyong talahanayan
Isipin kung paano nakakatulong ang iyong lugar sa mga pang-araw araw na gawain at kabuhayan . Bigyan ng tatlong bilang ang paglalarawan.

1. _____
2. _____
3. _____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 4 (Ikatlong Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Natatanging Kultura at Kabuhayan sa Ilaya at Ilawod tulad ng: Igorot – Highlands Binukot - Lowlands		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 2: Paglikha ng Web Page Design (Ilaya)- Guhit

I. Layunin: Natatalakay ang ugnayan ng heograpiya at kultura sa kamalayang pangkasaysayan.

II. Kagamitan: Lapis, Manila paper o Kartolina, kagamitang pang-kulay

III. Panuto:

1. Hahatiin ng guro ang klase sa 5 pangkat. Ang bawat pangkat ay guguhit ng isang web-page blueprint.

2. Ang bawat pangkat ay magdidisenyo ng isang webpage na magpapakita ng kultura at identidad ng mga komunidad sa pamayanang Ilaya. Paalalahanan ng guro ang mga mag-aaral na ang webpage ay dapat maglaman ng mga sumusunod na elemento, at kinakailangan nilang maipaliwanag kung paano nauugnay ang bawat isa sa komunidad.

3. Ang mga sumusunod ay maaring maging gabay sa pagbuo ng Webpage.
   - ✓ **Pamuhatan (Header):** Ang bahagi ng webpage na naglalaman ng pangalan ng komunidad, slogan, o isang malugod na pagbati.
   - ✓ **Call-to-action Button:** Isang button na nag-uudyok ng aksyon mula sa mga bisita ng webpage, tulad ng "Matuto Pa" o "Makipag-ugnayan."
   - ✓ **Logo:** Ang simbolo ng komunidad na kumakatawan sa kanilang identidad at kultura.
   - ✓ **Footer:** Ang bahagi sa ibaba ng webpage na naglalaman ng mga mahahalagang impormasyon, tulad ng contact details at mga link.
   - ✓ **Slider:** Isang galerya o slideshow ng mga imahe o impormasyon na nagpapakita ng mga mahahalagang aspeto ng komunidad.
   - ✓ **Menu:** Isang bahagi ng webpage na naglalaman ng mga link o kategorya upang madaling mag-navigate sa iba't ibang seksyon ng site.

4. Pagkatapos makumpleto ang kanilang mga webpage, bibigyan ng guro ng pagkakataon ang bawat pangkat na i-presenta at ipaliwanag ang nilalaman ng kanilang webpage sa klase, pati na rin kung paano nila ipinapakita ang kultura ng Ilaya sa bawat elemento.

5. Gawing gabay ang rubrik sa paggawa ng inyong web page design.

Pamantayan sa Pagmamarka (Rubric)

Kategorya	Pamantayan	Puntos
Nilalaman	Kumpleto, makabuluhan at may kaugnayan sa paksa Gumagamit ng angkop na impormasyon at datos	10
Wika at Gramatika	Wasto ang gamit ng wikang Filipino Maayos ang gramatika, baybay, at bantas	10
Disenyo at Kaayusan	Organisado ang balangkas at maayos ang disenyo	10
Pagkamalikhain	Malikhain ang pagkakalahad ng impormasyon	10
Kabuuang Presentasyon	Maayos at sumusunod sa mga hinihinging puntos	10
Kabuuang Puntos		50

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 4 (Ikatlong Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Natatanging Kultura at Kabuhayan sa Ilaya at Ilawod tulad ng: Igorot – Highlands Binukot - Lowlands		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 1: Venn Diagram (Igorot at Panay Binukot)

I. Layunin: Natatalakay ang ugnayan ng heograpiya at kultura sa kamalayang pangkasaysayan.

II. Kagamitan: Panulat (lapis o ballpen), bond paper

III. Panuto: Paghambingin: Igorot vs Panay Binukot

1. Batay sa isinagawang talakayan, gumawa ng isang Venn Diagram na naghahambing sa pamayanang Igorot at Panay.
2. Para sa mas malalim na pagtalakay ng Panay Binukot, maaaring panoorin ang mga sumusunod na bidyo sa mga links:
   'Ang Huling Prinsesa' (Dokyumentaryo ni Kara David), https://www.youtube.com/watch?v=Jv1YtbWqmXo
   GMA Public Affairs, "'Binukot,' dokumentaryo ni Kara David (I-Witness)," May 10, 2025, https://www.youtube.com/watch?v=_irt4bZA6R0
3. Ilagay ang katangian ng kultura, heograpiya at pamumuhay ng mga Igorot sa kaliwang bilog at ilagay ang katangian ng kultura, heograpiya at pamumuhay ng mga Panay Binukot sa kanang bilog.
4. Isulat ang mga parehong katangian ng dalawang pangkat ng tao sa gitnang bahagi na pinagdudugtungan ng dalawang bilog.



5. Sagutin ang sumusunod na mga katanungan.
   a. Paano nagkaiba ang dalawang pamayanan?
   b. Ano ang naging impluwensya ng kaligiran sa pamayanang Igorot at kulturang Panay Binukot?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 5 (Ikaapat na Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagtatagpo ng Kalinangang Ilaya at Ilawud		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 2: Coat of Arms

I. Layunin: Naiuugnay ang mga personal na karanasan sa pagpapakita ng kamalayang pangkasaysayan ng kanilang komunidad.

II. Kagamitan: Lapis, 1/8 illustration, kagamitang pang-kulay, panulat

III. Panuto:

1. Ikaw ay aatasang bumuo ng isang Coat of Arms na magpapakita ng iyong pagkakaunawa sa kahalagan ng iyong heograpiya, kultura, at kamalayang pangkasaysayan, maaaring ilagay ang mga historical na lugar, natatanging tradisyon, mahalagang ambag ng iyong komunidad sa iyong pag-unlad at iba pang maglalarawan sa lokal na kasaysayan.
2. Ibahagi sa klase ang ginawang Coat of Arms at ipaliwanag kung ano ang ibig sabihin nito.
3. Maaaring gamitin ang template na Coat of Arms na makikita sa ibaba.
4. Gawing gabay ang pamantayan sa pagmamarka sa paggawa ng iyong output



Pamanatayan sa Pagmamarka

Kategorya	Pamantayan	Puntos
Kahulugan at Simbolismo	Bawat bahagi ay may malinaw at malalim na kahulugan Nakaugnay sa pagkakabuo ng pamayanan May malinaw na pagpapaliwanag sa bawat simbolo	15
Pagkamalikhain	Orihinal ang disensyo Malikahin ang paggamit ng kulay, hugis, at simbolo	15
Disensyo at Kaayusan	Maayos ang pagkakadisensyo ng Coat of Arms Balanse at proporsyon ang mga elemento	10
Pagpapaliwanag	Kumpleto at malinaw ang pagpapaliwanag ng mga disensyo Wasto ang gamit ng wikang Filipino May organisado at lohikal na pagkakasunod-sunod ng ideya	5
Kabuuang Presentasyon	Malinis at kaaya-ayang tingnan ang kabuuang proyekto Sumunod sa lahat ng tagubilin o gabay sa pagbuo	5
Kabuuang Puntos		50

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 5 (Ikaapat na Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagtatagpo ng Kalinangang Ilaya at Ilawud		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 3: Reflective Essay

I. Layunin: Naiuugnay ang mga personal na karanasan sa pagpapakita ng kamalayang pangkasaysayan ng kanilang komunidad.

II. Kagamitan: Papel at panulat

III. Panuto:

1. Ikaw ay inaasahang makakagawa ng isang repleksyon sa mga patungkol sa personal na karasanasan sa iyong komunidad na maaring may kaugnayan sa paghubog ng iyong kamalayang pangkasaysayan.
2. Magbigay ng personal na karanasan sa iyong komunidad kung saan ang inyong lokasyon at kulturang kinalakihan ay nagpapakila ng kaugnayan sa pagkakahubog ng mga naninirahan dito (Ekonomiko, Kultural, at Pulitikal).
3. Sa iyong pananaw, paano mo mapapahalgahan ang yaman ng inyong komunidad sa pagpapaunlad ng iyong kamalayang pangkasaysayan?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 6 (Ikalimang Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pag-uugnay ng mga kultura at kamalayang pangkasaysayan sa sariling konteksto at karanasan. (Konteksto ng Sariling Komunidad (Interseksiyon ng Sarili at Lipunan)		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 1: Tugma ba?

I. Layunin:

1. Natatalakay ang kahulugan, katuturan, at elemento ng kultura.
2. Naiuugnay ang mga kultura at kamalayang pangkasaysayan sa sariling konteksto at karanasan.
3. Naiuugnay ang kahalagahan ng kultura sa kamalayang pangkasaysayan bilang isang Pilipino.

II. Kagamitan:

Panulat at Papel**,** mga larawan ng mga pakikibaka**,** Mga aklat o artikulo tungkol sa pakikibaka ng mga Pilipino – bilang karagdagang sanggunian.

III. Panuto: Basahin at unawain ang bawat pahayag sa Hanay A. Piliin ang tamang sagot sa Hanay B at isulat ang titik ng wastong sagot sa iyong kuwaderno. Pagkatapos masagutan ang gawain, sagutin ang mga pamprosesong tanong.

Hanay A	**Hanay B**
1. Batay sa nakalipas na talakayan, ang kultura ng Ilaya ay nauugnay sa mga komunidad na makikita sa mga _____.	A. Ilawod
2. Ang _____ ay isang kultural na kasanayan partikular sa mga kababaihan ng Panay, Bukidnon. Sila ay itinuturing prinsesa sa kanilang komunidad.	B. Cordillera
3. Ang mga Igorot ay matatagpuan sa _____ sa isla ng Luzon.	C. Paniniwala at ritwal.
4. Ang kultura ng Ilaya ay may malalim na koneksyon sa kanilang _____ at _____.	D. Kabundukan o Mataas na Lugar
5. Ang _____ ay kalimitang nasa ibabang bahagi ng kalupaan at malimit na malapit sa lawa, ilog, at dagat.	E. Binukot.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 6 (Ikalimang Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pag-uugnay ng mga kultura at kamalayang pangkasaysayan sa sariling konteksto at karanasan. (Konteksto ng Sariling Komunidad (Interseksiyon ng Sarili at Lipunan)		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 2: Pag-Isipan Mo?

I. **Layunin:** Nakatutukoy sa kaalaman ng mga mag-aaral mula sa huling tinalakay na paksa.

II. **Kagamitan:** Panulat, Learning Activity Sheet(LAS)

III. **Pamamaraan:** Balik-aral sa huling tinalakay na paksa at pasagutan ang sumusunod na katanungan.

IV. **Panuto:** Basahin at unawain ang mga katanungan na nasa ibaba.Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Ang mga Meranao sa Lanao de Sur ay may pangunahing kabuhayang _____,ginagawa pa rin hanggang sa kasalukuyan.

2. Ang mga Mangyan sa Mindoro ay umaasa sa _____ bilang kabuhayan. Sinasabing ang kanila teritoryo ay may matabang lupa at kagubatan.

3. Ang mga T'boli sa katimugang Mindanao ay may tradisyunal na kabuhayan tulad ng paghahabi ng tela at _____ sa mababang lugar.

4. Ang Tausug ay pangkat etniko sa katimugang bahagi ng Pilipinas. Ang pangunahing hanap-buhay nila ay _____.

5. Ang mga Karay-A ng Antique ay mayroong pangunahing hanapbuhay na _____.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 7 (Ikaanim na Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kaugnayan ng kultura sa kamalayang pangkasaysayan 1. Nakatutukoy sa kahulugan, katuturan at elemento ng kultura. 2. Naiuugnay ang mga kultura at kamalayang pangkasaysayan sa sariling konteksto at karanasan. 3. Nasusuri ang kahalagahan ng kultura sa kamalayang pangkasaysayan bilang isang Pilipino.		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 1: Ihanay Natin!

I. Layunin: Nakasusulat sa talahanayan ng mga halimbawa ng iba't ibang kultura.

II. Kagamitan: Panulat, Learning Activity Sheet(LAS)at sulating papel.

III. Panuto: Basahin at unawain ang mga katanungan na nasa ibaba,isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

Gawain 1: "PAGTALAKAY NG GURO!"

Ang kultura ay isang malawak na konsepto na tumutukoy sa kabuuan ng mga pag-uugali, tradisyon, paniniwala, sining, kasaysayan, wika, at kaugalian na ipinapasa mula sa isang henerasyon patungo sa susunod. Ang Kulturang Pilipino ay tumutukoy sa kabuoan ng mga tradisyon, kaugalian, paniniwala, sining, wika, pagkain, at pamumuhay ng mga Pilipino. Ito ang mga gawi, pamamaraan, at pagpapahalaga na nagpapakita ng ating pagkakakilanlan bilang isang bansa at pagiging Pilipino. Ang kultura ng Pilipinas ay resulta ng maraming taon ng historikal na proseso at impluwensya mula sa iba't ibang lahi, kabilang na ang mga Indigenous Peoples, Espanyol, Amerikano, at Hapon.

Ang kulturang Pilipino ay isang mash-up ng mga tradisyon at kasanayan mula sa iba't ibang kultura ngunit nakatuon sa mga pagpapahalaga at gawi na natutuhan at ipinasok ng mga Pilipino sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano-ano ang mga elementong bumubuo sa Kulturang Pilipino batay sa binasang teksto?
2. Bakit tinatawag na “mash-up” ang kulturang Pilipino? Ano-anong lahi ang nag-aambag o nag-iiwan ng impluwensiya rito?
3. Magbigay ng isang halimbawa ng tradisyon, pagkain, o gawi sa inyong pamilya na sa tingin mo ay impluwensya ng ibang lahi na nakatuon sa pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino.

Gawain 2: “HABING KAISIPAN: USAPANG KULTURA!”

TALAKAYAN UKOL SA ELEMENTO NG KULTURA

1. **WIKA AT PANITIKAN** - Ang wika ay isang mahalagang bahagi ng kulturang Pilipino. Iba’t ibang mga wika at diyalekto ang ginagamit sa iba't ibang rehiyon ng bansa tulad ng Tagalog, Cebuano, Ilocano, Hiligaynon, at marami pang iba. Ang wika ay hindi lamang isang kasangkapan sa komunikasyon kundi isang mahalagang salamin ng ating kultura at pagkakakilanlan.

   Samantalang, ang panitikan ay tumutukoy naman sa mga akdang nasusulat o naipapahayag sa na nagpapakita ng karanasan, damdamin, kaisipan, at kultura ng isang tao o lipunan. Isa, itong paraan ng pagpapahayag gamit ang salita—pasalita man o pasulat. Sa payak na pagpapaliwanag, ang panitikan ay kwento ng tao at ng kanyang buhay, damdamin, at karanasan na ipinapahayag sa masining na paraan. Ito ay binubuo ng tula, maikling kwento, nobela, alamat,epiko, talumpati, sanaysay at dula.

2. **KAUGALIAN AT TRADISYON** - Ang kaugalian at tradisyon ay mahalagang bahagi ng kulturang Pilipino. Ito ang mga nakaugaliang gawi, paniniwala, at ritwal na naipapasa mula sa isang henerasyon patungo sa susunod. Ang mga ito ay sumasalamin sa pagpapahalaga, pananampalataya, at pamumuhay ng mga Pilipino.

   Narito ang mga halimbawa ng kaugalian at tradisyon bilang bahagi ng kulturang Pilipino:

A.Mga Kaugaliang Pilipino	**B.Mga Tradisyong Pilipino**
1.a Pagmamano	2.a Fiesta
1.b Paggamit ng ‘po at opo’	2.b Simbang gabi
1.c Bayanihan	2.c Harana at panliligaw
1.d Pagpapahalaga sa Pamilya	2.d Kasalan sa tradisyong Pilipino
1.e Paggalang sa paniniwala ng iba	2.e Paglalamay at burol

3. **PAGKAIN** -Ang pagkain ay isang mahalagang aspekto ng kulturang Pilipino, tulad ng adobo, sinigang, lechon, pancit, at kare-kare ito ay hindi lamang bahagi ng ating pang-araw-araw na buhay kundi pati na rin ng mga espesyal na okasyon at pagdiriwang. Ang merienda (snacks) ay isang bahagi ng ating kultura, at ang mga pagkain tulad ng bibingka, puto, at halo-halo ay nagpapakita ng ating pagkakreatibo sa pagluluto.

4. **PANINIWALA AT PANANAMPALATAYA** - Ang relihiyon ay may malaking papel sa kultura ng mga Pilipino at karamihan sa atin ay Katoliko, ngunit mayroon ding mga Islam, Protestante, at iba pang relihiyon. Ang mga relihiyosong selebrasyon tulad ng Pasko, Semana Santa, at Flores de Mayo ay may malalim na kaugnayan sa ating kasaysayan at tradisyon. Ang mga ritwal at seremonya sa relihiyon, tulad ng mga debosyon at pilgrimage ay nagpapakita ng pananampalataya at kultura ng mga Pilipino.

5. **SINING AT MUSIKA** - Biswal na Sining (Visual Arts)
   Pintura at Eskultura – Ipinapakita rito ang kagandahan ng kalikasan, pananampalataya, at kabayanihan.

   Halimbawa:
   Mga obra nina Fernando Amorsolo, Juan Luna (*Spoliarium*), at Carlos "Botong" Francisco.

   Sining ng Katutubo – Tulad ng mga ukit, habi, at palamuti ng mga grupong tulad ng Ifugao, T'boli, at Meranao.

   Sining Pampanitikan - Tula, Maikling Kwento, Epiko, at Awit –Nagsisilbing tagapag-ingat ng kasaysayan, alamat, at paniniwala ng mga Pilipino.

   Halimbawa:
   Biag ni Lam-ang, mga tula ni José Rizal, at mga bugtong at salawikain.

   Sining sa Pagganap (Performing Arts) - Teatro, Sayaw, at Dula – Ginagamit upang isabuhay ang mga kuwento ng bayan.

   Halimbawa:
   Bodabil, *komedya*, *senakulo*, at mga kontemporaryong teatro.

   Musika sa Kulturang Pilipino - Tradisyunal na Musika Halimbawa:
   1.a. Kundiman – Romantikong awit ng pag-ibig.
   1.b Harana – Musika ng panliligaw, karaniwang inaawit sa ilalim ng bintana.
   1.c Awiting-Bayan – Tulad ng Bahay Kubo, Pamulinawen, Leron-Leron Sinta – Nagpapakita ng pamumuhay at pananaw ng mga tao sa iba't ibang rehiyon.

6. **PAMILYA AT PAKIKIPAGKAPWA-TAO -** Katangian ng Pamilya sa kulturang Pilipino
    1. Malasakit at Pag-aaruga
    2. Pagkakaroon ng Malasakit sa Kapwa
    3. Pagpapahalaga sa Edukasyon
    4. Pagkakaroon ng Tradisyon ng Sama-samang pagkilos

7. **KASUOTAN -** Mga Tradisyonal na Kasuotang Pilipino
    1. Barong Tagalog
    2. Baro't Saya
    3. Terno
    4. Balintawak
    5. Malong
    6. Bahag

Panuto: Basahin at unawain ang habi ng kaisipan na makikita sa ibaba. Gamitin ang concept map upang makita ang koneksyon at lalim ng bawat elemento sa kabuoang kulturang Pilipino.

KULTURANG PILIPINO						
Wika at Panitikan	**Kaugalian at Tradisyon**	**Pagkain**	**Paniniwala at Pananampalataya**	**Sining at Musika**	**Pamilya at Pakikipag kapwa-tao**	**Kasuotan**

Pamprosesong Tanong:

1. Ang bawat elemento ng kulturang Pilipino ay may iba't ibang halimbawa. Maaari mo bang itala ang mga halimbawa ng bawat elemento?
2. Bilang isang Pilipino, paano mo mapahahalagahan ang ugnayan ng natukoy na kultura sa kamalayang pangkasaysayan?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 7 (Ikaanim na Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kaugnayan ng kultura sa kamalayang pangkasaysayan 1. Nakatutukoy sa kahulugan, katuturan at elemento ng kultura. 2. Naiuugnay ang mga kultura at kamalayang pangkasaysayan sa sariling konteksto at karanasan. 3. Nasusuri ang kahalagahan ng kultura sa kamalayang pangkasaysayan bilang isang Pilipino.		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 1: Pagpili ng Tamang Sagot!

I. Layunin: Nakatutukoy sa tamang kasagutan sa mga tanong na inihanda.

II. Kagamitan: Panulat, Learning Activity Sheet(LAS) at sulatang papel.

III. Pamamaraan: Basahin at unawain ang sumusunod na mga tanong. Ilagay sa sagutang papel ang tamang sagot.

_____1. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng impluwensiya ng kolonyalismong Espanyol sa kulturang Pilipino?
A. Pagdiriwang ng Pista ng mga Patron
B. Paggamit ng baybayin sa pagsusulat
C. Paggamit ng teknolohiya sa agrikultura
D. Pagkakaroon ng barangay bilang sistema ng pamahalaan

_____2. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng kamalayang pangkasaysayan para sa mga Pilipino?
A. Upang makasunod sa mga bagong uso
B. Upang makalimot sa madilim na nakaraan
C. Upang makipagkumpitensya sa ibang bansa
D. Upang mapanatili ang ugnayan sa ating pinagmulan at pagkakakilanlan

_____3. Alin sa sumusunod ang halimbawa ng pagpapasa ng kasaysayan sa pamamagitan ng kultura?
A. Pagbili ng imported na produkto
B. Pagkukuwento ng alamat at epiko
C. Pagtatakda ng curfew sa barangay
D. Panonood ng mga dayuhang pelikula

_____4. Anong aspekto ng kultura ang matatagpuan sa pagdiriwang ng Araw ng Kalayaan?

A. Pampanitikan at Makabayan
B. Pampolitika lamang
C. Pang-ekonomiya
D. Panrelihiyon

_____5. Sino sa apat na bayani ang may malaking ambag sa kamalayang pangkasaysayan ng mga Pilipino sa pamamagitan ng kanyang mga isinusulat?

A. Emilio Aguinaldo.
B. Gregorio del Pilar
C. Jose Rizal
D. Lapulapu

_____6. Anong anyo ng sining ang ginagamit upang maipahayag ang kasaysayan at kultura ng mga Pilipino?

A. Fashion ng ibang bansa
B. omersyal na patalastas
C. Pelikula at dula
D. Sports

_____7. Paano naipapakita ng mga Pilipino ang respeto sa nakatatanda na bahagi ng kanilang kultura at kasaysayan?

A. Pag-aaway sa pamilya
B. Pag-'like' sa social media
C. Pagmamano
D. Pagsagot ng pabalang

_____8. Ano ang ibig sabihin ng "kamalayang pangkasaysayan"?

A. Pag-aaral ng kasalukuyang balita
B. Kaalamang pang-agham
C. Pag-alala sa mga kasaysayan ng ibang bansa
D. Malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kasaysayan ng sariling bansa

_____9. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pagbabago sa kulturang Pilipino bunga ng pananakop ng mga Amerikano?

A. Pagbabasa ng Alibata
B. Pagtutuli ng mga lalaki
C. Pagdiriwang ng Ramadan
D. Pagkakaroon ng sistema ng edukasyon na Ingles ang medium

_____10. Ano ang papel ng mga kabataan sa pagpapanatili ng kultura at kasaysayan?

A. Kalimutan ang lumipas upang makasabay sa moderno
B. Gamitin ang social media para sa mga isyung walang kabuluhan
C. Maging tagapagdala at tagapagtanggol ng makabayang kamalayan
D. Magsuot ng kasuotang banyaga araw-araw

Gawain Bilang 2: "PAGSULAT NG REPLEKTIBONG SANAYSAY"

Panuto: Basahin at Unawain ang nakasulat na nasa ibaba.

1. Sumulat ng isang Replektibong Sanaysay na naglalahad ng ugnayan ng kulturang Pilipino at kamalayang pangkasaysayan sa iyong sariling konteksto at karanasan.
2. Ibahagi kung paano mo nararanasan, naisasabuhay o napahahalagahan ang mga tradisyon, kaugalian, paniniwala, at pagpapahalagang Pilipino sa iyong pamilya, paaralan at komunidad, o iba pang aspekto ng iyong buhay.
3. Ipaliwanag din kung paano nakatutulong ang pag-unawa sa kasaysayan sa paghubog ng iyong pagkakakilanlan at pananaw bilang isang Pilipino.

Pamprosesong Tanong:

1. Sa anong paraan nakaimpluwensya ang kaalaman sa kasaysayan sa iyong pagpapahalaga sa kulturang Pilipino?
2. Bilang mag-aaral, paano mo mapananatili at maipapasa ang mga pagpapahalagang kultural at pangkasaysayan sa susunod na henerasyon?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 8 (Ikapito at Ikawalong Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	A. Dimensyon ng Buhay: paniniwala sa hiyas, anting-anting, at ginawa/ life-force. B. Dimensyon ng Kabilang-buhay: paniniwala sa kamatayan at kabilang-buhay. C. Katutubo at tradisyunal na pamamaraan ng pagpapagaling: Katutubong halamang gamot at pamamaraan tulad ng baylan, tutho, hilot, tawas, pausok, at kamangyan.		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 1: Hiyas, Anting-Anting, at Ginhawa: Pagsusuri sa Kultura

I. Layunin:

1. Nakatutukoy sa kahulugan ng hiyas, anting-anting, at ginhawa o life force sa sinaunang paniniwala ng Pilipino.
2. Naipaliliwanag ang kaugnayan ng mga paniniwalang ito sa proteksyon, kalusugan, espiritwalidad, at pagkakakilanlan.
3. Nakasusuri sa positibo at negatibong implikasyon ng mga paniniwala sa pamilya at komunidad.

II. Kagamitan: Sagutang papel o kuwaderno, Larawan, guhit, o halimbawa mula sa pamilya at komunidad, Panulat at pangkulay kung kinakailangan

III. Panuto: Basahin at unawain ang nakasulat sa ibaba;

1. Pumili ng tatlong paksa mula sa sumusunod: hiyas, anting-anting, ginhawa o life force, ritwal sa buhay, o ritwal sa kamatayan.
2. Punan ang talahanayan gamit ang sariling salita. Iugnay ang sagot sa karanasan sa pamilya, komunidad, o napag-aralan sa aralin.
3. Sa bahaging pagsusuri, tukuyin kung ang paniniwala ay nakatutulong, maaaring makasama, o kailangang gamitin nang may pag-iingat.
4. Pagkatapos punan ang talahanayan, sagutin ang pamprosesong tanong at sintesis.

Gawain A: Talahanayan ng Pagsusuri

Paksa/ Bagay/ Ritwal	Kahulugan noon	Halimbawa o gamit ngayon	Epekto sa pamilya o komunidad	Pagsusuri: positibo, negatibo, o may pag-iingat
1.				
2.				
3.				

Pamprosesong Tanong

1. Bakit mahalaga ang hiyas, anting-anting, o ginhawa sa pananaw ng mga sinaunang Pilipino tungkol sa buhay?
2. Paano nakatutulong ang paniniwala sa pagbuo ng pagkakaisa o identidad sa isang komunidad?
3. Anong pag-iingat ang dapat isaalang-alang kapag ang paniniwala ay iniuugnay sa kalusugan o pagpapasya ng pamilya?

IV. Karagdagang Gawain / Interbensyon

Remediation: Gabay-Sagot

- Pumili ng isang paksa at kumpletuhin: Ang _____ ay mahalaga sa kulturang Pilipino dahil _____.
- Magbigay ng isang halimbawa kung paano ito nakikita sa kasalukuyan.
- Isulat kung ito ay dapat panatilihin, baguhin, o gamitin nang may pag-iingat.

Enrichment: Suri-Kultura

- Magtanong sa isang kapamilya tungkol sa paniniwalang may kaugnayan sa hiyas, anting-anting, ginhawa, o ritwal.
- Isulat sa 3-5 pangungusap kung paano ito nakakaapekto sa pagpapasya o pagkakaisa ng pamilya.

V. Sintesis / Pagbubuo

Kumpletuhin: Ang paniniwala sa hiyas, anting-anting, at ginhawa ay mahalaga dahil _____.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 8 (Ikapito at Ikawalong Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Dimensyon ng Buhay at Dimensyon ng Kabilang-Buhay; Katutubo at Tradisyunal na Pagpapagaling		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 2: Paniniwala - Epekto - Halimbawa: Graphic Organizer at Repleksiyon

I. Layunin:

1. Nakasusuri sa kaugnayan ng paniniwala sa kaluluwa, anito, ritwal ng libing, at kabilang-buhay sa paggalang sa yumao.
2. Naiuugnay ang sinaunang paniniwala sa kasalukuyang gawain ng pamilya at komunidad.
3. Nakasusulat ng repleksiyon, journal, o tula na nagpapakita ng pag-unawa at paggalang sa kultura.

II. Kagamitan: Sagutang papel o kuwaderno, graphic organizer,panulat, opsiyonal na larawan o simbolo

III. Panuto:

1. Basahin at balikan ang mahahalagang konsepto tungkol sa hiyas, anting-anting, anito, kaluluwa, ritwal ng libing, at kabilang-buhay.
2. Punan ang graphic organizer. Magbigay ng tiyak na halimbawa noon at ngayon.
3. Pagkatapos, pumili ng isang output: journal entry or reflective poetry.
4. Siguraduhing malinaw ang paliwanag at magalang ang paglalarawan sa paniniwala ng mga Pilipino.

Gawain A: Graphic Organizer

Paniniwala/ Konsepto	**Kahulugan**	**Epekto sa tao, pamilya, o barangay**	**Halimbawa noon**	**Halimbawa ngayon**
Hiyas at anting-anting				
Anito at kaluluwa				
Ritwal ng libing / paglalamay				
Paglalakbay ng kaluluwa sa kabilang-buhay				

Gawain B: Piliing Output

Pipiliing Output	Gabay sa Pagsulat
Journal Entry	Sumulat ng 8-10 pangungusap tungkol sa paniniwala sa kaluluwa, kabilang-buhay, at ritwal ng libing. Iugnay ito sa paggalang sa yumao at sa karanasan ng pamilya o komunidad.
Reflective Poetry	Lumikha ng tula na nagpapakita ng pag-unawa, damdamin, at pagninilay tungkol sa buhay, kamatayan, kultura, at pananampalataya.

Refer to the rubric link:
https://drive.google.com/drive/folders/1IVqIDIkAio1zoFHf-Zpr4wlSRM1U9QxR

Pamprosesong Tanong

1. Paano ipinapakita ng mga ritwal sa kamatayan ang paggalang ng Pilipino sa pamilya at yumao?
2. Ano-ano ang positibong epekto ng ganitong paniniwala sa pagkakaisa ng komunidad?
3. May bahagi ba ng paniniwala na dapat suriin nang mabuti sa kasalukuyang panahon? Ipaliwanag.

IV. Karagdagang Gawain / Interbensyon

Remediation: Tatlong Pangungusap

- Pumili ng isang paniniwala mula sa graphic organizer.
- Sumulat ng 3 pangungusap: kahulugan, halimbawa, at bakit ito mahalaga?

Enrichment: Paghahambing Noon at Ngayon

- Pumili ng isang ritwal o paniniwala.
- Ihambing kung paano ito ginagawa noon at paano ito nakikita ngayon sa pamilya o komunidad.

V. Sintesis / Pagbubuo

Exit Slip: Isang paniniwalang Pilipino tungkol sa buhay o kamatayan na dapat pag-aralan nang may paggalang ay _____ dahil _____.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 8 (Ikapito at Ikawalong Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Dimensyon ng Buhay at Dimensyon ng Kabilang-Buhay; Katutubo at Tradisyunal na Pagpapagaling		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 3: Healer Map at Halamang Gamot: Katutubong Pagpapagaling

I. Layunin

1. Naiuugnay ang konsepto ng ginhawa sa katutubo at tradisyunal na pamamaraan ng pagpapagaling.
2. Nailalarawan ang tungkulin ng baylan/tutho, hilot, tawas, pausok, kamangyan, at halamang gamot.
3. Nakasusuri sa kung paano gagamitin ang tradisyunal na kaalaman bilang katuwang at hindi awtomatikong kapalit ng makabagong medisina.

II. Kagamitan: Sagutang papel o kuwaderno, Panulat, Impormasyon mula sa pamilya at komunidad o sa isang maikling pananaliksik, Opsyonal: manila paper, bond paper, o digital tool

III. Panuto: Basahin at unawain ang mga nakasulat sa ibaba:

1. Punan ang Healer Map batay sa mahahalagang katutubong manggagamot o pamamaraan ng pagpapagaling.
2. Pumili ng isang halamang gamot o tradisyunal na paraan ng pagpapagaling at gumawa ng mini-research poster plan.
3. Isama ang gamit, paghahanda, kaugnay na paniniwala, at paalala sa ligtas na paggamit.
4. Iwasang magbigay ng payong medikal na walang batayan,lalo na sa may malubhang sakit, kailangan ang gabay ng doktor o health professional.

Paalala: Ang tradisyunal na panggagamot ay dapat magsilbing katuwang, hindi kapalit, ng mga lunas na batay sa siyensiya, lalo na para sa may malubhang karamdaman.

Gawain A: Healer Map

Paraan/ Manggagamot	Sino o ano ito?	Gamit/ Layunin	Paniniwalang kaugnay	Paalala sa kalusugan
Baylan / Tutho				
Hilot				
Tawas				
Pausok / Kamangyan				
Halamang gamot				

Gawain B: Mini-Research Poster Plan

Bahagi ng Poster	Sagot / Detalye
Pangalan ng halamang gamot o paraan	
Sakit o karamdaman na karaniwang iniuugnay dito	
Paraan ng paghahanda o paggamit	
Kaugnayan sa paniniwala o kultura	
Paalala o babala sa ligtas na paggamit	
Pinagmulan ng impormasyon: pamilya, komunidad, aklat, o iba pa	

Refer to the rubric link:
https://drive.google.com/drive/folders/1IVqIDIkAio1zoFHf-Zpr4wlSRM1U9QxR

Pamprosesong Tanong

1. Ano ang ipinapakita ng katutubong pagpapagaling tungkol sa ugnayan ng katawan, espiritu, kalikasan, at komunidad?
2. Bakit mahalagang igalang ang katutubong kaalaman ngunit mananatiling mapanuri sa usaping pangkalusugan?
3. Paano magagamit ang halamang gamot o tradisyunal na kaalaman nang hindi isinasantabi ang makabagong medisina?

IV. Karagdagang Gawain / Interbensyon

Remediation: Gabay-Tukoy

Piliin ang tamang salita: hilot, halamang gamot, baylan/tutho, pagpapagaling, kultura.

1. Ang _____ ay tradisyunal na masahe upang makatulong sa pananakit ng katawan.
2. Ang _____ tulad ng lagundi ay ginagamit sa ilang karamdaman.
3. Ang _____ ay katutubong manggagamot sa sinaunang pamayanan.
4. Mahalaga ang mga tradisyunal na paraan dahil bahagi ito ng ating _____.

Enrichment: Suri-Pasya

Sitwasyon: May isang batang may ubo at lagnat. Pinainom siya ng halamang gamot, ngunit hindi pa rin bumubuti matapos ang ilang araw.

- Ano ang mabuting gawin ng pamilya? Ipaliwanag.
- Paano maaaring igalang ang tradisyunal na kaalaman habang ginagamit pa rin ang makabagong medisina?

V. Sintesis / Pagbubuo

Kumpletuhin: Ang katutubong pagpapagaling ay bahagi ng kultura dahil _____.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 8 (Ikapito at Ikawalong Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Dimensyon ng Buhay at Dimensyon ng Kabilang-Buhay; Katutubo at Tradisyunal na Pagpapagaling		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 4: Tradisyonal o Makabago? Paghahambing, Pagpapasya, at Malikhaing Output

I. Layunin:

1. Naikukumpara ang tradisyunal na pamamaraan ng pagpapagaling at makabagong medisina.
2. Nakatataya sa positibo at negatibong implikasyon ng tradisyunal na paniniwala sa kalusugan, kultura, at pagpapasya ng pamilya.
3. Nakabubuo ng poster, collage, o infographic na nagpapakita ng pag-unawa, paggalang sa kultura, at pag-iingat sa kalusugan.

II. Kagamitan: Sagutang papel o kuwaderno, Panulat at pangkulay, Bond paper/manila paper/illustration board o digital tool, Impormasyon mula sa aralin at pananaliksik

III. Panuto:

1. Paghambingin ang tradisyunal na pagpapagaling at makabagong medisina gamit ang talahanayan o Venn diagram.
2. Pagkatapos, pumili ng isang output: poster, collage, o infographic tungkol sa katutubong paraan ng pagpapagaling noon at ngayon.
3. Isama sa output ang pangalan ng paraan, paliwanag sa gamit, ugnayan sa paniniwala, pagbabago noon at ngayon, at paalala sa ligtas na paggamit.
4. Tapusin sa reflection o hashtag na nagpapakita ng iyong pagpapasya tungkol sa pagpapanatili ng tradisyunal na kaalaman.

Gawain A: Paghambingin Natin

Batayan ng Paghahambing	Tradisyunal na Pagpapagaling	Makabagong Medisina	Pagkakatulad / Pagsusuri
Paraan ng panggagamot			
Kagamitan o sangkap			
Gastos o access			
Bisa at limitasyon sa kalusugan			
Paniniwala ng mga tao			
Kailan dapat gamitin?			

Gawain B: Malikhaing Output Plan

Output	Dapat makita sa gawain
Poster	Larawan/simbolo, maikling paliwanag, mensahe ng paggalang sa kultura, at paalala sa kalusugan
Collage	Pinagsamang larawan at salita na nagpapakita ng tradisyunal na pagpapagaling noon at ngayon
Infographic	Pangalan ng paraan, gamit, kaugnayan sa paniniwala, ligtas na paggamit, at opinyon kung dapat itong panatilihin

Gawain C: Reflection o Hashtag

Pipiliin	Sagutang Bahagi
Reflection o pagninilay	Sumulat ng 150-200 salita: Bakit mahalaga ang tradisyunal na kaalaman? Paano ito maipagpapatuloy nang may pag-iingat?
Hashtag ng Karunungang Bayan	Gumawa ng isang hashtag, halimbawa #GalingNgLahi, at ipaliwanag sa 2-3 pangungusap ang kahulugan nito.

Refer to the rubric link:
https://drive.google.com/drive/folders/1IVqIDIkAio1zoFHf-Zpr4wlSRM1U9QxR

Pamprosesong Tanong

1. Ano ang pinakamalinaw na pagkakatulad at pagkakaiba ng tradisyunal na pagpapagaling at makabagong medisina?
2. Kailan maaaring makatulong ang tradisyunal na kaalaman? Kailan dapat unahin ang doktor o ospital?
3. Bakit mahalagang panatilihin ang tradisyunal na kaalaman ngunit hindi ito basta tanggapin nang walang pagsusuri?

IV. Karagdagang Gawain / Interbensyon

Remediation: 3-5 Pangungusap

- Ipaliwanag sa 3-5 pangungusap kung bakit nararapat na maging maingat sa paggamit ng tradisyunal na panggagamot.
- Magbigay ng isang halimbawa kung kailan kailangang magpakonsulta sa doktor.

Enrichment: Suri-Pasya

- Gumawa ng simpleng concept map tungkol sa tradisyunal at makabagong pagpapagaling.
- Maglagay ng sariling pasya: Paano mapapanatili ang tradisyonal at ligtas na paggamit ng mga halamang gamot?

V. Sintesis/Pagbubuo

Paglalahat: Ang tradisyunal na kaalaman ay hindi dapat basta tanggihan o tanggapin nang walang pagsusuri. Dapat itong pag-aralan nang may respeto, pag-iingat, at pag-unawa sa kultura, kalusugan, at karanasan ng komunidad.

PANGWAKAS NA PAALALA

Ang LAS na ito ay nakatuon lamang sa mastery activities na isasagawa ng mga mag-aaral. Hindi isinama ang mahahabang tala sa guro, aktuwalisasyon, o lecture guide upang maging learner-ready at madaling gamitin sa klase.

Para sa guro: Maaaring piliin ang output na pinaka-angkop sa oras, kagamitan, at antas ng mag-aaral. Maaaring gamitin ang rubrik para sa mabilis na formative assessment.

Para sa mag-aaral: Ipakita sa bawat gawain ang paggalang sa kultura, pagiging mapanuri, at responsableng pag-unawa sa kalusugan.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 9 (Ikasiyam na Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kahulugan at Katuturan ng Personal at Panlipunang paniniwala at pananampalataya at ang ugnayan nito sa kamalayang pangkasaysayan • Nabibigyang kahulugan ang kamalayang pangkasaysaya		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 1: Awit Suri

I. Layunin: Nabibigyang kahulugan ang kamalayang pangkasaysayan

II. Kagamitang kailangan: liriko ng awitin, sagutang papel

III. Panuto: Pakinggan at suriin ang liriko ng awitin ni Freddie Aguilar. Pagkatapos, sagutin ang mga pamprosesong tanong sa ibaba.

Bayan ko

Awit ni Freddie Aguilar · 1979

Maaaring makuha ang liriko ng awit sa link na ito:

https://bit.ly/4fQKELf

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang tema ng awitin?
2. Paano ipinapakita ng awitin ang pagmamahal sa bayan?
3. Ano ang kaugnayan ng awitin sa kamalayang pangkasaysayan ng Pilipinas?
4. Paano nakakaapekto ang awitin sa pag-unawa ng mga tao sa kasaysayan ng Pilipinas?
5. Ano ang papel ng awit sa pagpapalaganap ng kamalayang pangkasaysayan sa mga Pilipino?

Gawain Bilang 2: Larawan Suri: Isang Paglalakbay

I. Layunin: Naihahambing ang katuturan at paniniwala sa pananampalataya at ang implikasyon nito sa kamalayang pangkasaysayan

II. Kagamitang kailangan: Mga larawan at sagutang papel

III. Panuto: Suriin ng maayos ang mga larawan. Tuklasin at unawain ang mensahe o tema na gustong ipabatid ng larawan. Pagkatapos, sagutin ang mga pamprosesong tanong sa ibaba.

1.	2.	3.
4.	5.	6. 

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang iyong nakikita sa larawan ?
2. Ano ang kahulugan ng mga simbolo at mga imahe na nakikita sa larawan?
3. Ano ang implikasyon at ugnayan ng mga larawang ito sa kamalayang pangkasaysayan?

Mga Pinagkunan ng larawan:

1.https://nasyonalistikpinoy.wordpress.com/wp-content/uploads/2013/01/4259887222_ab9a7f3bdc.jpg
2. https://www.phillife.co/filipino-culture/
3.https://xiaochua.net/2012/11/01/xiaotime-1-november-2012-ang-bangang-manunggul
4.https://www.google.com/search?q=cultural+beliefs+in+the+philippines+sa+pangagamot&sca_esv=503182be980b3154&udm=2&biw=1536&bih=730&ei=aA5BaK3BFrzvseMP9rHC2Ag&ved=0ahUKEwitleDwqtmNAxW8d2wGHfaYEIsQ4dUDCBE&uact=5&oq=cultural+beliefs+in+the+philippines+sa+pangagamot&gs_lp=EgNpbWciMWN1bHR1cmFsIGJlbGllZnMgaW4gdGhlIHBoaWxpcHBpbmVzIHNhIHBhbmdhZ2Ftb3RI2x1QpwNYkhtwAXgAkAEAmAGyBKABqhuqAQswLjYuMy4xLjIuMbgBA8gBAPgBAZgCAqACtAHCAgYQABgHGB7CAgQQABgewgIGEAAYCBgewgIGEAAYBRgemAMAiAYBkgcDMS4xoAf-BrIHAzAuMbgHpwHCBwUyLTEuMcgHDQ&sclient=img#vhid=Odbr9s7c17DKTM&vssid=mosaic
5.https://www.google.com/search?q=last+binukot+in+the+philippines&sca_esv=503182be980b3154&udm=2&biw=1536&bih=730&ei=-E9BaILZMp6M4-EPqJO26Ac&oq=binukot&gs_lp=EgNpbWciB2JpbnVrb3QqAggDMgoQABiABBhDGIoFMgYQABgHGB4yBRAAGIAEMgYQABgHGB4yBhAAGAcYHjIGEAAYBxgeMgYQABgHGB4yBhAAGAcYHjIFEAAYgAQyBRAAGIAESKMnUABYAHABeACQAQCYAQCgAQCqAQC4AQHIAQCYAgGgAgaYAwCIBgGSBwExoAcAsgcAuAcAwgcDMi0xyAcF&sclient=img
6.https://tl.wikipedia.org/wiki/Diwata_at_Anito#/media/Talaksan:Anitos_of_Northern_tribes_(c._1900,_Philippines).jpg

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 9 (Ikasiyam na Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kahulugan at Katuturan ng Personal at Panlipunang paniniwala at pananampalataya at ang ugnayan nito sa kamalayang pangkasaysayan • Naihahambing ang katuturan ng paniniwala at pananampalataya at ang implikasyon nito sa kamalayang pangkasaysayan at • Napapahalagahan ang personal at panlipunang paniniwala at pananampalataya sa kamalayang pangkasaysayan.		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 1: ”Tukuyin Mo,Paniniwala o Pananampalataya”

I. Layunin: Napaghahambing ang katuturan ng paniniwala at pananampalataya at ang implikasyon nito sa kamalayang pangkasaysayan

II. Panuto: Basahin at suriin ang mga pahayag at tukuyin kung ito ay nagpapahayag ng paniniwala o pananampalataya.Pagkatapos, ay sagutin ang mga pamprosesong tanong na nasa ibaba.

Mga Pahayag:

1. Ang Diyos ay umiiral at may kontrol sa lahat ng bagay.
2. Ang kasaysayan ay isang serye ng mga pangyayari na nagbibigay kahulugan sa ating kasalukuyang mundo
3. Ang mga tao ay may Kalayaan na pumili ng kanilang sariling landas sa buhay
4. Ang binukot ay hindi dapat makita ng ibang tao maliban sa kanyang pamilya.
5. Ang pagsamba sa mga anito.

Pamprosesong tanong:

1. Bakit mo tinuturing na ito ay isang pananampalataya at hindi paniniwala?
2. Paano mo nakikilala kung ang isang pahayag ay paniniwala o pananampalataya?
3. Mayroon bang mga pagkakataon na ang paniniwala at pananampalataya ay nagkakasabay?
4. Ano ang kaugnayan nito sa kamalayang pangkasaysayan?

Gawain Bilang 2: ” Malayang Talakayan: Teksto-Suri!”

I. Layunin: Naihahambing ang katuturan ng paniniwala at pananampalataya at ang implikasyon nito sa kamalayang pangkasaysayan

II. Kagamitan: panulat, papel na sasagutan at Teksto

III. Panuto: Basahin at suriin ang mga teksto tungkol sa paniniwala at pananampalataya at ang ugnayan nito sa kamalayang pangkasaysayan.

“Paniniwala, Pananampalataya at Kamalayang Pangkasaysayan”

Ang paniniwala ay tumutukoy sa mga ideya o konsepto na pinaniniwalaan ng isang tao o grupo bilang totoo o wasto. Maaaring nakabatay ito sa mga katotohanan, ebidensiya, o lohika. Ang paniniwala ay maaaring mabago o umunlad depende sa mga bagong impormasyon o karanasan.Ang paniniwala ay tumutukoy sa isang bagay na tinatanggap ng isang tao bilang totoo, kahit na maaaring wala itong konkretong ebidensya o hindi pa lubusang napatunayan. Maaari itong:

- Pampersonal – gaya ng pananampalataya sa sarili o sa kakayahan ng ibang tao.
- Pang-relihiyon – paniniwala sa Diyos, espiritu, o mga aral ng isang relihiyon.
- Pang-kultura o panlipunan – mga paniniwalang bahagi ng tradisyon, kaugalian, o gawi ng isang grupo o komunidad.

Ang pananampalataya ay tumutukoy sa:

- Pananampalataya sa Diyos: Pananampalataya sa isang pinakamataas na nilalang o diyos, na karaniwang may kaugnayan sa relihiyon.
- Tiwala at pagtitiwala: Pananampalataya sa isang tao, institusyon, o bagay, na nagpapakita ng tiwala at pagtitiwala.
- Paniniwala at pag-asa: Pananampalataya sa isang bagay o ideya, na nagpapakita ng pag-asa at positibong pananaw.

Sa konteksto ng relihiyon, ang pananampalataya ay isang mahalagang aspeto ng espiritwalidad at pagkakaisa sa komunidad.Sa konteksto ng personal na relasyon, ang pananampalataya ay mahalaga para sa pagbuo ng tiwala at pagkakaibigan.

Sa pangkalahatan, ang pananampalataya ay nagpapakita ng pagtitiwala, pag-asa, at positibong pananaw sa buhay.Ang pananampalataya ay maaaring magpakita sa iba't ibang paraan, tulad ng:

- Panalangin: Pagdarasal o panalangin sa isang diyos o pinakamataas na nilalang.
- Ritwal at tradisyon: Pagsasagawa ng mga ritwal at tradisyon na may kaugnayan sa pananampalataya.

- Pagbabahagi: Pagbabahagi ng pananampalataya sa iba na nagpapakita ng pagkakaisa at pagtutulungan.Sa pangkalahatan, ang pananampalataya ay isang mahalagang aspeto ng buhay na nagpapakita ng pagtitiwala, pag-asa, at positibong pananaw sa buhay.Ang pananampalataya ay may malaking kaugnayan sa kamalayang pangkasaysayan sa mga sumusunod na paraan:
    1. Pag-unawa sa nakaraan-Ang pananampalataya ay maaaring makaimpluwensya sa pag-unawa ng mga tao sa kanilang nakaraan at kasaysayan.
    2. Paghubog ng identidad-Ang pananampalataya ay maaaring makatulong sa paghubog ng identidad ng isang tao o grupo, na siya namang nakakaapekto sa kanilang kamalayang pangkasaysayan.
    3. Pagbibigay ng kahulugan-Ang pananampalataya ay maaaring magbigay ng kahulugan sa mga pangyayari sa kasaysayan, na nakakatulong sa pagbuo ng kamalayang pangkasaysayan.
    4. Pagpapanatili ng tradisyon-Ang pananampalataya ay maaaring makatulong sa pagpapanatili ng mga tradisyon at kultura ng isang grupo, na mahalaga sa kamalayang pangkasaysayan.

Sa konteksto ng Pilipinas, ang paniniwala at pananampalataya ay may malaking papel sa paghubog ng kamalayang pangkasaysayan ng mga Pilipino, lalo na sa pag-unawa sa kanilang kolonyal na nakaraan at pakikipagpunyagi para sa kalayaan.Ang paniniwala at pananampalataya ay maaaring makaimpluwensya sa pag-unawa ng mga Pilipino sa kanilang kasaysayan at identidad, at makatulong sa pagbuo ng kamalayang pangkasaysayan na mahalaga sa pagbuo ng isang bansa.

Pamprosesong Tanong:

1. Para sa iyo,ano ang kahulugan ng paniniwala?
2. Ano ang pagkakaiba ng personal na paniniwala at panlipunang paniniwala?
3. Ano naman ang tinatawag na pananampalataya?
4. Ano ang kaugnayan nito sa kamalayang pangkasaysayan?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	Aralin 9 (Ikasampung Linggo)	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kahulugan at Katuturan ng Personal at Panlipunang paniniwala at pananampalataya at ang ugnayan nito sa kamalayang pangkasaysayan • Naiuugnay ang kahalagahan ng personal at panlipunang paniniwala at pananampalataya sa kamalayang pangkasaysayan.		
Pangalan:		**Baitang:**	11

Gawain Bilang 1: ”Kaso ng Nakaraan: Ipaglaban Mo!!”

I. Layunin: Naiuugnay ang kahalagahan ng personal at panlipunang paniniwala at pananampalataya sa kamalayang pangkasaysayan.

II. Kagamitan: Panulat at papel na susulatan

III. Panuto: Basahin at suriin ang mga teksto tungkol sa paniniwala at pananampalataya at ang ugnayan nito sa kamalayang pangkasaysayan.

Sagutin ang mga pamprosesong tanong sa ibaba.

- Maghahanda ang guro ng halimbawa ng kasong pag-aaralan sa mga usaping pananampalataya at paniniwala na may kinalaman sa kamalayang pangkasaysayan.
- Bubuo ang klase ng dalawang pangkat at ang mga mag-aaral ay magbibigay ng kanilang panig sa kasong inilahad
- Matapos nito ay padadaluyin ng guro ang pagpapalitan ng kaisipan sa pagbibigay ng argumento sa suliranin.

Halimbawa ng kasong pag-aaralan:

KASO 1: Ang pagtanggi ng mga Pilipino sa pagtanggap ng relihiyong Kristiyanismo sa panahon ng pananakop ng Espanyol

KASO 2: Ang Pagbabalik ng mga Katoliko sa Pagdiriwang ng Semana Santa

KASO 3: Ang Panggagamot sa mga may sakit gamit ang mga sinaunang pamamaraan

Pamprosesong Tanong:

1. Tukuyin kung isang paniniwala o pananampalataya ba ang isinasaad ng kaso? Tama o mali ba ang ginawa
2. Ano ang implikasyon ng paniniwala o pananampalataya sa identidad ng bansa?
3. Paano naiuugnay ang kasong ito sa kamalayang pangkasaysayan?
4. Ano ang mga epekto at kahalagahan ng sitwasiyong ito sa kamalayang pangkasaysayan?

Gawain Bilang 2: Kamalayang Pangkasaysayan: Isang pagtatanghal

I. **Layunin:** Naiuugnay ang kahalagahan ng personal at panlipunang paniniwala at pananampalataya sa kamalayang pangkasaysayan.

II. **Kagamitan:** panulat at sagutang papel

III. **Panuto:** Pumili ng mga gawain sa ibaba upang maiugnay ang konsepto ng paniniwala at pananampalataya sa kamalayang pangkasaysayan

Opsyon 1: **Sayaw ng Kamalayang Pangkasaysayan!**

- Gagawa ng isang sayaw na nagpapakita ng mga pananampalataya at paniniwala at implikasyon nito sa kamalayang pangkasaysayan
- Gagawa ng maikling synopsis bilang gabay sa mga manonood upang makuha ang ipinapakita sa sayaw
- Bibigyan ng pagkakataon na makapagbahagi ang mga mag-aaral ng kanilang sayaw na ginawa

Opsyon 2: **Awitin Mo at Malalaman Mo!**

- Gagawa ng awitin na may tema ng pananampalataya at paniniwala at implikasyon nito sa kamalayang pangkasaysayan
- Bibigyan ng pagkakataon na makapagbahagi ang mga mag-aaral ng kanilang awit na ginawa

Opsyon 3: **Tula ng Kamalayang Pangkasaysayan!**

- Gumawa ng isang tula na may tema ng pananampalataya at paniniwala at implikasyon nito sa kamalayang pangkasaysayan
- Bibigyan ng pagkakataon na makapagbahagi ang mga mag-aaral ng kanilang sayaw na ginawa